Sumpa man sa Kanya na ang kaluluwa ko ay nasa kamay Niya, tunay na ito ay talagang nakatutumbas sa isang katlo ng Qur'ān."}

Ayon kay Abū Sa`īd Al-Khudrīy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {May isang lalaking nakarinig ng isang lalaking bumibigkas ng (Qur'ān 112): {Qul huwa -llāh aḥad, ... (1. Sabihin mo: "Siyang si Allāh ay Kaisa-isa. ...)}, na nag-uulit-ulit nito. Noong kinaumagahan, pumunta ito sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka bumanggit ito niyon sa kanya. Para bang ang lalaki ay nagmamaliit niyon, kaya nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Sumpa man sa Kanya na ang kaluluwa ko ay nasa kamay Niya, tunay na ito ay talagang nakatutumbas sa isang katlo ng Qur'ān."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy]

Bumanggit si Abū Sa`īd Al-Khudrīy (malugod si Allāh sa kanya) na may isang lalaking nakarinig ng ibang lalaking bumibigkas ng Kabanatang (Qur'ān 112): {Qul huwa -llāhu aḥad, ... (1. Sabihin mo: "Siyang si Allāh ay Kaisa-isa. ...)}, na nag-uulit-ulit nito sa buong gabi habang hindi nagdaragdag dito. Kaya noong kinaumagahan, pumunta ito sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka bumanggit ito niyon sa kanya. Para bang ang nagtatanong ay nagtuturing na iyon ay kakaunti, kaya nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng isang panunumpa ayon sa kahulugan ng pagbibigay-diin: "Sumpa man sa Kanya na ang kaluluwa ko ay nasa kamay Niya, tunay na ito ay talagang nakapapantay sa isang katlo ng Qur'ān."

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/65261